Poway Unified School District
15250 Avenue of Science, San Diego, CA 92128

Serbisyo sa Pangkalusugan

Sulat Tungkol sa Pagpasok kapag Nagkasakit ang Mag-aaral

Sa mga Magulang/Tagapag-alaga:

Ang kalusugan ay mahalaga sa pag-aaral. Dahilan dito, ang mga mag-aaral na hindi makagawa ng mga karaniwang gawain sa paaralan dahilan sa sakit ay kinakailangang hindi papasukin sa paaralan/ESS. Hindi lamang na wala silang matututuhan sa paaralan kapag may sakit kung hindi maaaring maihawa ng sakit ang ibang bata at ang mga ito'y hindi rin makapapasok ng paaralan/ESS.

Dahil sa mga nabanggit sa itaas ang mga sumusunod na pamantayan ay susundin sa pagpasok sa paaralan/ESS:

1. Ang mga batang may sakit at hindi makagawa ng mga karaniwang gawain ay kinakailangang hindi papasukin.
2. Ang mga mag-aaral na may temperaturang 100.4°F o mahigit pa ay kinakailangang mananatili sa bahay hangga't bumalik sa normal ang temperatura ng hindi kukulangin ng 24 na oras.
3. Ang mga mag-aaral na nagsusuka ay hindi dapat pumasok hangga't bumalik sa normal ang temperatura ng hindi kukulangin ng 24 na oras.
4. Ang mga mag-aaral na patuloy na may diyariya ay kinakailangang hindi pumasok hangga't ito'y huminto ng hindi kukulangin ng 24 na oras.
5. Ang mga mag-aaral na pinaghihinalaang may nakahahawang sakit (halimbawa ay lagnat na may mga pantal) ay hindi dapat papasukin hangga't sabihin ng doktor sa pamamagitan ng kasulatan o mawala ang mga sintomas.
6. Ang mga mag-aaral na binigyan ng pampamanhid ng doktor ay kinakailanang manatili sa bahay ng hindi kukulangin ng 24 na oras.
7. Ang mga mag-aaral na may impeksyon na may kinalaman sa paghinga at may temperaturang 100.4°F o higit pa, at ubong may halak o matingding ubo ay kinakailangang manatili sa bahay hanggang mawala ang lahat ng mga sintomas ng hindi kukulangin ng 24 na oras o kung makapagbibigay ng kasulatan galing sa doktor.
8. Ang mga mag-aaral na kumukuha ng antibyotiko ay maaaring pumasok sa paaralan kung ito'y kanilang nakuha na ng 24 na oras.
9. Kung kinakailangan ng gamot habang nasa paaralan, kinakailangang magbigay ng kasulatan galing sa doktor at porm na nagbibigay ng pahintulot ng magulang (H-26).

Ang pagsasalin-wikang ito ay ginawa upang magsilbing gabay lamang. Upang matiyak ang kahulugan, mangyari lamang na basahin ang opisyal na bersyon ng kasulatang ito sa Ingles.